
9

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 1
## Parabula



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q3_Filipino9_Module1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 1: Parabula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na- hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gng. Dadda A. Jalani, Bb. Yolanda R. Cauilan, Gng. Maria Gracita N. Polintan, Gng. Nurhana N. Abdulkadil
**Editor:** Bb. Steffany R. Fegi
**Tagasuri:** Elsa A. Usman, Reyna Joyce B. Barutu, EdD.
**Tagaguhit:** G. Edgardo P. Jamilar Jr.
**Tagalapat:** G. Aljohn Kent S. Galos, Jestoni H. Amores
**Mga Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres, CESO III
Eugenio B. Penales, Ed.D.
Sonia D. Gonzales
Henry P. Tura
Elsa A. Usman
Reyna Joyce B. Barutu, Ed.D.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Lungsod ng Pagadian
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

# 9

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 1

## Parabula

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Matagumpay mong nalagpasan ang mga modyul sa ikalawang markahan. Natunghayan mo sa bahaging ito ang tungkol sa akdang pampanitikan ng Silangang Asya na binubuo ng mga bansang Japan, China, Taiwan, North at South Korea at Mongolia. Layunin nitong linangin at hubugin ang iyong kakayahan sa pagsulat ng sariling akda na tungkol sa pagpapahalagang Asyano.

Napahanga ka ba sa kanilang kultura at tradisyon ng kanilang lahi bilang Asyano? Napukaw ba ng mga paksa sa ikalawang markahan ang iyong isipan bilang isang mag-aaral? Mabuti kung ganoon.

Sa modyul na ito, may mga bahagi na may kinalaman tungkol sa akdang pampanitikan ng Timog-Kanlurang Asya na binubuo ng mga bansang Lebanon, Saudi Arabia, Bhutan, Israel at India. Makatutulong sa iyo na unawain ang mga aral na nais ipabatid ng akda tulad ng parabula, elehiya, maikling kuwento, alamat at epiko. Makikita mo rito ang mga pangyayari na maaaring maganap sa tunay na buhay sa kasalukuyan, ang matatalinghagang pahayag na ginamit nang wasto sa pangungusap at mga gawaing lilinang sa iyong kakayahan sa pag-unawa sa akda. Bukod pa riyan, may mga bahagi rin na matututuhan mo, ito ay tungkol sa gramatika at retorika. Batid kong ikaw ay handa na. Maaari mo ~~ng~~ nang pasukin ang portal ng ikatlong markahan.

Alam mo ba na ang rehiyon ay may iba't ibang parabula na magsisilbing patnubay sa marangal na pamumuhay? Ang unang makahaharap mo ay tungkol sa mga pangyayaring naganap noong panahon ni Hesus na nakabatay sa Banal na Aklat na pinamagatang "Ang Talinghaga Tungkol sa May-ari ng Ubasan". Dagdag pa riyan ay magbabahagi sa iyo ng aral ang tungkol sa pagpapahalaga ng magulang sa anak, ang akdang "Parabula ng Banga". Handa ka na ba para sa isang masining na pagtuklas ng mga akdang ito?

Pag-aralan mo na!


Ang modyul na ito ay may isang aralin na binubuo ng dalawang parabula:

Parabula 1**– Talinghaga Tungkol sa May-ari ng Ubasan**

Parabula 2 **– Parabula ng Banga**

Sa iyong paglalakbay, ang layuning nasa ibaba ay inaasahang iyong matamo habang isinasagawa ang mga gawain:

Napatutunayang ang mga pangyayari sa binasang parabula ay maaaring maganap sa tunay na buhay sa kasalukuyan.



## *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong. Piliin at isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Nagkasundo sila sa upa na isang salaping pilak sa maghapon. Ano ang ibig ipahiwatig ng nakasalungguhit na salita?

   A. pera  C. salapi
   B. renta  D. kaukulang bayad

2. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng pahayag na "Ang nauuna ay nahuhuli at ang nahuhuli ay nauuna"?

   A. Mahalaga ang oras sa paggawa.
   B. Ang nahuhuli kadalasan ang unang umaalis.
   C. Kung sino ang naunang dumating, ay siya ring unang aalis.
   D. Lahat ay may pantay-patay na karapatan ayon sa napag-usapan.

3. "Huwag mong kalilimutang ikaw ay isang banga na gawa sa lupa." Ano ang layunin ng pahayag na ito?

   A. nagpapaalala  C. nag-aaliw
   B. nagpupugay  D. nagpapasaya

4. Bilang isang anak, bakit kailangang sumunod sa payo ng magulang?

   A. mapabubuti ang buhay mo
   B. magiging sikat ka sa pamayanan
   C. mabibigyan ka ng medalya ng pagkilala
   D. masasangkot ka sa anomang kapahamakan

5. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** kabilang sa katangian ng isang parabula?

   A. nagbibigay-aral
   B. hinango sa bibliya
   C. ito ay nagsasadula
   D. gumagamit ng matatalinghagang pahayag

6. Ano ang nais ipakita ng may-ari ng ubasan sa panghihikayat sa kalalakihan upang magtrabaho sa kaniyang lupain?
   A. magpasikat  C. maging modelo
   B. magbigay ng salapi  D. magbigay ng tulong

7. Kaugnay ng akdang "Ang Talinghaga tungkol sa may-ari ng ubasan", alin sa mga sumusunod ang <u>pinaka angkop</u> na kahulugan ng pagkakapantay-pantay?

   A. pagbibigay ng tulong sa lahat
   B. pare-parehong bilang ng salapi
   C. pare-parehong bilang ng oras ng pagtatrabaho
   D. pagbibigay ng tulong ayon sa pangangailangan

8. Alin sa sumusunod ang iniuugnay ng bangang gawa sa lupa at porselanang banga?

   A. babae at lalake
   B. maputi at maitim
   C. mabuti at masama
   D. mahirap at mayaman

9. Sa pag-aaral ng parabula, ano ang maaaring malinang sa pagkatao ng mambabasa?

   A. paniniwala
   B. pisikal na anyo
   C. sikolohikal na pag-iisip
   D. espirituwalidad at moralidad

10. Alin sa sumusunod ang simbolikong kahulugan ng ubasan?

   A. lupain
   B. kaginhawaan
   C. langit na malawak
   D. pinagkukunan ng ubas

11. Ano ang espirituwal na kahulugan ng salitang **salapi**?

   A. kapalit
   B. pambayad
   C. kahalagahan
   D. biyaya galing sa Diyos

12. Ang mga <u>manggagawa</u> ay nagsilbi ng buong araw sa ubasan. Batay sa pahayag, ano ang ipinapakitang simbolikong kahulugan ng salitang nakasalungguhit?

   A. tauhan
   B. pagtitiyaga
   C. trabahador
   D. anghel sa langit

13. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng kaugnayan sa akdang "Parabula ng Banga"?

   A. pakikipagkaibigan ng anak sa kapuwa nito kabataan
   B. pagpapaalala ng ina sa pagkakaiba ng mahihirap at mayayaman
   C. pagpapaalala ng ina sa anak tungkol sa masamang dulot ng droga
   D. pagtatalo ng ina at anak tungkol sa kursong nais nito sa pagpasok sa kolehiyo

14. Alin sa sumusunod ang ipinapahatid na mensahe ng akdang "Talinghaga Tungkol sa May-ari ng Ubasan"?

   A. Ang pagtitiyaga ay magiging daan sa pagkamit ng salapi.
   B. Huwag hintaying may ibang kikilos para sa ikabubuti mo.
   C. Ang anomang napag-usapan sa paggawa ay kailangang panindigan.
   D. Pantay ang sinoman gaano man katagal ang kaniyang iginugol sa paggawa.

15. Salapi ang naging kapalit sa pagtatrabaho ng mga manggagawa sa ubasan. Alin sa sumusunod maiuugnay ang nakasalungguhit na salita?

A. matalinghaga
B. literal na kahulugan
C. simbolikong kahulugan
D. espirituwal na kahulugan

# Aralin 1 Parabula

Kaibigan, kumusta ang iyong naging karanasan sa pagsagot ng mga tanong sa subukin? Batid kong may ideya ka na sa mga daang iyong tatahakin.

Sa araling ito, matutunghayan mo ang ilan sa mga parabulang may kaugnayan sa naging buhay ni Hesus na makatutulong sa pagpapalawak hindi lamang sa iyong kaalaman gayundin sa iyong espirituwal at moral na paniniwala. Asahan mong mas magiging makabuluhan ang iyong pag-aaral sa mga parabulang nagmula sa Kanlurang Asya na maaaring gamitin sa pang-araw-araw na pakikibaka.



## *Balikan*

**Guhit Ko, Pangatuwiranan Ko**

Ihanda ang sarili sapagkat bago tayo tumungo sa akdang pag-aaralan sa modyul na ito ay sasalubungin ka muna ng isang hamon na kailangan mong malagpasan. Iguhit ang isang bagay na naging mahalaga at nagbigay-aral sa iyo. Pagkatapos, pangatuwiranan kung bakit ito ang iyong iginuhit sa loob ng kahon.

| Guhit | Katuwiran |
|---|---|
| | |



# *Tuklasin*

Kahanga-hanga ang ipinakita mong galing sa pagguhit at pangangatuwiran. Ngayon, aalamin na natin ang nilalaman ng mga parabulang nabanggit. Ngunit, kailangan mo munang tuklasin ang kahulugan ng parabula.

*ALAM MO BA NA…*

ang ***parabula*** ay nagmula sa salitang Griyego na "parabole" na nagsasaad ng dalawang bagay (na maaaring tao, hayop, lugar, o pangyayari) para paghambingin. Ito ay makatotohanang pangyayaring naganap noong panahon ni Hesus batay sa nakasaad sa Banal na Aklat. Ang mga aral na mapupulot dito ay nagsisilbing patnubay sa marangal na pamumuhay ng mga tao. Ang parabula ay hindi lamang lumilinang ng mabuting asal na dapat nating taglayin kung hindi hinuhubog din nito ang ating moral at espirituwal na pagkatao.

Ang mga mensahe ng parabula ay isinulat sa patalinghagang pahayag. Ang **matatalinghagang pahayag** ay may malalim o hindi tiyak na kahulugan. Sinasalamin ng paggamit nito ang kagandahan at pagkamalikhain ng wikang Filipino.

**Unang Pagbasa ng Teksto**

*Maaari mong gawin ang alinman sa sumusunod:*


1. Basahin mo nang tahimik ang akdang " Ang Talinghaga Tungkol sa May-ari ng Ubasan" (Mateo 20: 1-16 sa Bagong Tipan)
2. Maaari mo ring ipabasa ang akda sa isang mahusay magbasa sa paraang pagkukuwento.

**"Ang Talinghaga tungkol sa May-ari ng Ubasan"**

(Mateo 20: 1-16 sa Bagong Tipan)

*Sumangguni sa* **Panitikang Asyano** Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9

Pahina 193-196





## *Suriin*

Natuklasan mo na ang mga parabulang nag-iwan ng aral sa iyong buhay. Alam kong ikaw ay naaliw dahil sa magagandang tagpo ng akdang binasa kung kaya't may mga hamon ka na namang kailangang lutasin. Galingan mo sa pagsusuri!

**Gawain 1:**

**Panuto**: Ibigay ang hinihinging kahulugan ng mga salita batay sa dayagram.



## *Pagyamanin*

**Pangalawang Pagbasa ng Teksto**

*Maaari mong gawin ang alinman sa sumusunod:*

3. Panoorin mo ang *downloaded* na *youtube video* ng "Parabula ng Banga" na inihanda ng guro.
4. Pakinggan mo ang awdyo ng parabula (*voice record* sa pagbasa ng parabula) na inihanda ng guro.
5. Basahin mo nang tahimik ang akdang "Parabula ng Banga"
6. Maaari mo ring ipabasa ang akda sa isang mahusay magbasa sa paraang pagkukuwento.

*Paalala para sa tagapagpadaloy o guro at mag-aaral:*

**"Parabula ng Banga"**

*Sumangguni sa* **Panitikang Asyano** Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9

Pahina - 197-198

**Gawain:**

**Panuto:** Sa pagkakataong ito, sagutin mo ang sumusunod na katanungan.

1. Sino-sino ang kinakatawan ng bangang yari sa lupa at ng bangang yari sa porselana?

| |
|---|
| |
| |
| |
| |

2. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na "Huwag mong kalilimutang ikaw ay isang bangang gawa sa lupa?"

   Bakit mahalaga ang pahayag na ito ng ina sa kaniyang anak?

| |
|---|
| |
| |
| |
| |

3. Magbigay ng patunay na ang mga pangyayari sa binasang parabula ay maaaring maganap sa tunay na buhay sa kasalukuyan? Magbigay ng angkop na halimbawa at isulat ang sagot sa patlang.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________




# Isaisip

Nasisilayan ko na ang iyong magandang kinabukasan! Sa puntong ito, nais ko namang malaman ang mga aral na iyong natamo mula sa akdang binasa.

**Pag-usapan Natin:**

- Anong aral o mensahe tungkol sa realidad ng buhay ang nais ipabatid ng mga parabulang iyong nabasa? Ilagay sa kahon ang sagot.

| Ang Talinghaga Tungkol sa May-Ari ng Ubasan | Parabula ng Banga |
|---|---|
| | |



# Isagawa

Malayo na ang iyong narating! Alam kong wala sa iyong bokabularyo ang pagsuko kung kaya't masusubukan pa ang iyong galing sa gawaing ito. Ilahad mo ang kaparehong pangyayaring naganap o nagaganap sa kasalukuyan batay sa parabulang binasa. Husayan mo, kaibigan!

Halimbawa:

"Sapagkat ayokong kalimutan mo ito. At ikaw ay nararapat na makisalamuha lamang sa ating mga kauring banga."

*Kaparehas na pangayayari sa kasalukuyan:* ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

***Paalala sa guro:***
*Para sa karagdagang kaalaman, magsaliksik ang mga mag-aaral ng pagpapahalagang kultural mula sa iba pang bansa sa Kanlurang Asya. (hal. Saudi Arabia at Iraq)*



## *Tayahin*

Saludo ako sa iyo! Ipinakita mo na ang iyong kahusayan sa mga naunang gawain. Gayunpaman, isa pang mahabang tulay ang susubok sa iyong husay sa pagsagot ng mga tanong.

**Panuto:** Basahin at unawain mo ang mga tanong. Piliin at isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

1. "Huwag mong kalilimutang ikaw ay isang bangang gawa sa lupa," ang tagubilin ng Inang Banga sa kaniyang anak." Tandaan mo ito sa buong buhay mo". Ito ay hinango sa parabula ng:

   A. Alibughang anak
   B. Parabula ng Banga
   C. Parabula ng Isang Lapis
   D. Talinghaga ng Butil ng Mustasa

2. Ano ang kahulugan ng pahayag na " Ang nahuhuli ay nauuna at ang nauuna ay nahuhuli"?

   A. Mahalaga ang oras sa paggawa.
   B. Ang nahuhuli kadalasan ang unang umaalis.
   C. Kung sino ang naunang dumating, ay siya ring unang aalis.
   D. Lahat ay may pantay-patay na karapatan ayon sa napag-usapan.

3. Isang akdang hinango sa Bibliya na kapupulutan ng aral na maaaring magsilbing gabay sa marangal na pamumuhay ng mga tao. Gumagamit ng matatalinghagang pahayag na lumilinang sa mabuting asal na dapat taglayin ng tao.

   A. Dula
   B. Nobela
   C. Pabula
   D. Parabula

4. Kaugnay ng akdang "Ang Talinghaga tungkol sa may-ari ng ubasan", alin sa mga sumusunod ang pinaka angkop na kahulugan ng pagkakapantay-pantay?

   A. pagbibigay ng tulong sa lahat
   B. pare-parehong bilang ng salapi
   C. pare-parehong bilang ng oras ng pagtatrabaho
   D. pagbibigay ng tulong ayon sa pangangailangan

5. Habang siya'y nabibitak at unti-unting lumulubog ay naalaala ng batang banga ang pangaral ng kanyang ina. Anong aral ang nais ipahiwatig ng pangungusap?

   A. Habang may buhay, magpakasaya ka.
   B. Umiwas sa kamay ng tukso sa paligid.
   C. Alam ng magulang kung anong makabubuti sa anak.
   D. Walang mabuting naidudulot ang pagsuway sa magulang.

6. Nagkasundo sila sa <u>upa</u> na isang salaping pilak sa maghapon. Ano ang ibig ipahiwatig ng nakasalungguhit na salita?

A. pera
B. renta
C. salapi
D. kaukulang bayad

7. Saan maiuugnay ang bangang gawa sa lupa at porselanang banga?

A. babae at lalake
B. maputi at maitim
C. mabuti at masama
D. mahirap at mayaman

8. "Huwag mong kalilimutang ikaw ay isang banga na gawa sa lupa." Ano ang layunin ng pahayag na ito?

A. nagpapaalala
B. nagpupugay
C. nag-aaliw
D. nagpapasaya

9.Ano ang mangyayari kung laging sumusunod sa magandang payo ng magulang?

A. mapabubuti ang buhay mo
B. magiging sikat ka sa pamayanan
C. mabibigyan ka ng medalya ng pagkilala
D. masasangkot ka sa anomang kapahamakan

10. Alin sa sumusunod ang pagkakaiba ng parabula sa iba pang akdang pampanitikan?

A. Ang parabula ay nag-iiwan ng aral sa mambabasa.
B. Ang mga mensahe nito ay hango sa mga aral mula sa Bibliya.
C. Nakatutulong ito upang magabayan ang mga tao sa kanilang buhay.
D. Nakapagbibigay ito ng impormasyon upang guminhawa ang buhay ng tao.

11. Ano ang espirituwal na kahulugan ng salapi?

A. kapalit
B. pambayad
C. kahalagahan
D. biyaya galing sa Diyos

12. Ang mga <u>manggagawa</u> ay nagsilbi ng buong araw sa ubasan. Batay sa pahayag, ano ang ipinapakitang simbolikong kahulugan ng salitang nakasalungguhit?

A. anghel sa langit
B. pagtitiyaga
C. trabahador
D. tauhan

13. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng kaugnayan sa akdang Parabula ng Banga?

A. pakikipagkaibigan ng anak sa kapuwa nito kabataan
B. pagpapaalala ng ina sa pagkakaiba ng mahihirap at mayayaman
C. pagpapaalala ng ina sa anak tungkol sa masamang dulot ng droga
D. pagtatalo ng ina at anak tungkol sa kursong nais nito sa pagpasok sa kolehiyo

14. Alin sa sumusunod ang ipinapahatid na mensahe ng akdang "Talinghaga tungkol sa May-ari ng Ubasan"?
   A. Ang pagtitiyaga ay magiging daan sa pagkamit ng salapi.
   B. Huwag hintaying may ibang kikilos para sa ikabubuti mo.
   C. Ang anomang napag-usapan sa paggawa ay kailangang panindigan.
   D. Pantay ang sinoman gaano man katagal ang kaniyang iginugol sa paggawa.

15. Salapi ang naging kapalit sa pagtatrabaho ng mga manggagawa sa ubasan. Alin sa sumusunod ang maiuugnay sa nakasalungguhit na salita?

A. matalinghaga
B. literal na kahulugan
C. simbolikong kahulugan
D. espirituwal na kahulugan



## *Karagdagang Gawain*

Narating mo na sa wakas ang huling pagsubok para sa modyul na ito. Binabati kita! Magsimula ka na.

**Panuto:** Batay sa isinadulang parabula, itala mo ang mahahalagang tagpo na tumatak sa iyo at ipaliwanag.

## ❖ *Pangwakas na Pananalita*

Binabati kita sa matiyaga mong pakikiisa sa pagtatalakay sa Modyul 1. Alam kong nakapapagod maglakbay ngunit sulit naman dahil matagumpay mong natutuhan ang mahahalagang konseptong nakapaloob sa mga aralin. Ngayon ay handa ka na sa paglalakbay sa mundo ng elehiya. Hindi mo lamang matutuhan ang gramatikang napaloob dito, lalo mo pang pahahalagahan at mamahalin ang bawat miyembro ng iyong pamilya dahil sa mga aral na nakadikit sa mga akda nito. Kaya, galingan mo!

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D
2. D
3. A
4. A
5. C
6. D
7. D
8. D
9. D
10. B
11. B
12. B
13. B
14. D
15. B

**Balikan**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang iskor batay sa pag ebalweyt ng guro.

**Suriin**

**Gawain 1.**

**UBASAN:**
Literal na kahulugan- **Taniman ng Ubas**
Simbolikong Kahulugan - **kasaganahan**
Espirituwal na kahulugan- **Piniling tao (Chosen)**

**MANGGAGAWA:**
Literal na Kahulugan- **Trabahador**
Simbolikong Kahulugan- **kasipagan, pagtitiyaga**
Espirituwal na kahulugan- **Mananampalataya**

**Pagyamanin**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang iskor batay sa pag - ebalweyt ng guro.

**Isaisip:**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang iskor batay sa pag - ebalweyt ng guro.

**Isagawa**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang iskor batay sa pag-ebalweyt ng guro.

**Tayahin**

1. B
2. D
3. D
4. D
5. C
6. D
7. D
8. A
9. A
10. B
11. D
12. B
13. C
14. D
15. B

**Karagdagang Gawain**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang iskor batay sap ag ebalweyt ng guro.

# Sanggunian


***Aklat***

- Peralta, Romulo N., et al, Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, Republika ng Korea, Prinpia Co., Ltd., Korea, 2017

***Internet***

- Parabula ng Banga. Mula sa *https://www.youtube.com/parabulangbanga*

**Para sa mga tanong o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph